

Ang Ingles bilang Karagdagang Wika na Programa sa Gosnells Primary School

Sa Gosnells Primary School (GPS) ay aming ipinagdiriwang ang pagkakahalo halo ng mga mag aaral na nagmula pa sa iba't ibang kultura. Kami ay may mga magaaral na nanggaling sa 30 iba't ibang bansa , ang mga mag aral na ito ay nakakapagsalita ng mahigit sa 40 iba't ibang wika sa kani kanilang mga tahanan. Sa ating paaralan, tayo ay may tinatayang 400 na magaaral, kabilang dito ang humigit kumulang na 150 na magaaral na nagmula sa culturally and linguistically diverse (CALD) na pamilya. Ang pamilya ng mga mag aaral na ito ay nanggaling sa iba't ibang panig ng mundo, ang malaking bilang ng mga mag aaral ay nagmula sa mga bansang India, Philippines, Burma at New Zealand (Maori).

Ang mga guro ay nakakakuha ng suporta na naggagaling sa mga dalubhasang guro ng EAL/D at mga katuwang nito. Kung may mga mag aaral na bagong dating sa GPS at sila ay nahihirapan sa pakikipag ugnayan gamit ang wikang ingles, ang class teacher ay isasangguni sila sa grupo ng EAL/D para sa karagdagang assessment at suporta.

Ang pagtaguyod na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtulong sa guro sa klase o sa maliit na grupo ng pagtuturo na nagbibigay diin sa partikular na aspeto ng wika at karunungan bumasa at sumulat. Ang guro ng EAL/D ay maari ding magbigay ng payo sa mga magulang kung paano nila matutulungan ang kanilang mga anak sa kanilang mga tahanan. Paminsan minsan ang paaralan ay nagsasagawa ng pagpupulong ng mga magulang, may tagapagsaling-wika (kung kinakailangan) upang ilahad ang mga impormasyon o kaalaman upang matulungan ang mga magulang na maunawaan ang mga aspeto ng pagaaral sa mga paaralan sa Australia.

Ang mga bagong dating na mag aaral (sa Australia) na may limited english ay isasangguni sa ating lokal na Intensive English Centre sa Thornlie Primary School, kung saan sila ay may makukuhang mas malawak ang saklaw na suporta.

Ang mga EAL/D na mag aaral ay assessed and reported on, gamit ang Education Department Progress Maps, sa halip na karaniwang pagmamarka gamit ang mga titik (letter grading). Ito ay sa kadahilanang sila ay makapagpapamalas ng progreso habang sila ay gumagamit ng wikang ingles sa mga susunod na mga buwan o kaya ay taon. Kapag ang mag aaral ay umabot sa ika 4 o 5 antas sa kanilang Progress Map sa karamihan sa kanilang modes (Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa at Pagmamasid, at Pagsusulat), ito na ngayon ay katumbas ng C na antas (level C) para sa paksang Ingles. Ang ibig lamang sabihin nito ay ang kanilang kakayahan na makipag ugnayan gamit ang wikang ingles ay maihalalintulad na sa kanilang ibang kamag aral kung kaya sila ay hindi na gaanong mangangailangan ng tulong o suporta ng EAL/D.